PROVINCE OF BULACAN
OFFICE OF THE SECRETARY
OFFICIAL RECEIVED
DATE: 4-20-23
TIME: 1:08 pm
BY:

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

Ika-20 ng Abril, 2023

**PARA SA** : **SA BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLALAWIGAN**

**SA PAMAMAGITAN NI** : **GNG. MA. PERPETUA R. SANTOS**
Kalihim ng Sangguniang Panlalawigan
Lalawigan ng Bulakan

**MULA SA** : **Tanggapan ng Kalihim ng Sangguniang Panlungsod**

**UKOL SA** : Pagpapatibay ng Kautusang Panlungsod Blg. 23-2023 at City Ordinance No. 24-2023, na pinagtibay ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos.

---

Kalakip po nito ang sipi ng:

**KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 23-2023** - ISANG KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAGMAMANDATO SA MGA PAMPUBLIKO AT PAMPRIBADONG MGA ESTABLISIYIMENTO SA PAG-EMPLEYO NG MGA KWALIPIKADONG MANGGAGAWA NA MAY MGA KAPANSANAN O' PERSONS WITH DISABILITY AT KATANDAAN O' SENIOR CITIZENS **(AKDA NINA: KGG. MICHAEL M. AQUINO AT KGG. EMMANUEL R. SACAY / Pinagtibay noong ika-03 ng Abril, 2023)**
(lakip po nito ang sipi ng ulat ng Lupon sa Katandaan, Beterano, mga Retirado at may Kapansanan na pinamumunuan ni Kgg. Emmanuel R. Sacay).

**CITY ORDINANCE NO. 24-2023** - AN ORDINANCE PROVIDING MEASURES TO ENSURE PEDESTRIAN SAFETY AND CONVENIENCE IN PUBLIC ROADS AND SIDEWALKS WITHIN THE CITY OF MALOLOS, AND PROVIDING PENALTIES FOR VIOLATIONS THEREOF **(AUTHORED BY: HON. NINO CARLO C. BAUTISTA, HON. EMMANUEL R. SACAY, HON. EDGARDO F. DOMINGO, HON. MIGUEL CARLOS B. SOTO & HON. VICTORINO M. ALDABA III / CO-Authored BY: MEMBERS OF SANGGUNIANG PANLUNGSOD OF MALOLOS / Approved on April 03, 2023)**
(lakip po nito ang sipi ng mga ulat ng Lupon sa Pampublikong Kaayusan, Pag-iwas sa Sunog at Kaligtasang Pampubliko na pinamumunuan ni Kgg. Emmanuel R. Sacay).

Lubos na gumagalang,

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

*DhorieTrogo*04202023*

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-38 KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA LOG CABIN RESTAURANT AND HOMESTAY, PATAY SAGADA, MOUNTAIN PROVINCE NOONG IKA-03 NG ABRIL, 2023.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo ng Hapag |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

## KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 23-2023

**ISANG KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAGMAMANDATO SA MGA PAMPUBLIKO AT PAMPRIBADONG MGA ESTABLISYIMENTO SA PAG-EMPLEYO NG MGA KWALIPIKADONG MANGGAGAWA NA MAY MGA KAPANSANAN O' PERSONS WITH DISABILITY AT KATANDAAN O' SENIOR CITIZENS.**

**AKDA NINA: KGG. MICHAEL M. AQUINO AT KGG. EMMANUEL R. SACAY**

**SAPAGKAT,** ang Saligang Batas ay nangangalaga at nagpapatingkad ng karapatan ng lahat ng mga mamamayan at sa pagkakapantay-pantay nito;

**SAPAGKAT,** itinatadhana rin sa Convention on the Rights of Persons with Disability, na kung saan ang Pilipinas ay isa sa mga bansa na lumalagda at nagratipika nito, na kung saan ay kinikilala ang karapatan sa oportunidad na mabuhay sa pamamagitan ng trabaho na malayang pinili at walang diskriminasyon;

**SAPAGKAT,** gayundin ang itinatadhana ng Republic Act No. 7277 o' mas kilala sa taguring Magna Carta for Persons with Disability, na walang taong may kapansanan ang dapat pagkaitan ng oportunidad at kinakailangan sumailalim sa parehong tuntunin, pribilehiyo, insentibo at mga kahalintulad nito bilang isang kwalipikadong may kakayahang tao;

**SAPAGKAT,** minamandato ng Republic Act No. 10524 o' mas kilala sa taguring An Act Expanding the Position Reserved for Persons with Disability, na hindi bababa sa isang porsyento (1%) ng lahat ng posisyon ng gobyerno, opisina o korporasyon ang nakalaan para sa mga taong may kapansanan. Gayundin, hinihikayat ang mga pribadong korporasyon na may higit isang daang (100) empleyado na magreserba ng hindi bababa sa isang porsyento (1%) ng posisyon para sa mga taong may kapansanan.

**SAPAGKAT,** itinatadhana rin ng Republic Act No. 9994 o mas kilala sa taguring Expanded Senior Citizens Act of 2010, na ang mga senior citizens na may kapasidad at nagnanais na magtrabaho o muling makapagtrabaho ay dapat bigyan ng impormasyon at pagtutugma ng mga serbisyo upang maging prodaktibong miyembro ng lipunan sang-ayon sa itinadhana ng Labor Code at iba pang mga batas, tuntunin at regulasyon.

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI — KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KASANGGUNI — KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI — KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI — KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KASANGGUNI
KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** minamandato rin ng Seksyon 16 ng Republic Act 7160 o mas kilala sa taguring Local Government Code of 1991 ang pagsusulong ng Kagalingang Panlahat at kabilang na dito ang pagtataguyod ng pantay-pantay na pagkakataon sa trabaho;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Panlungsod ay kumikilala sa itinadhana ng batas para sa karapatan ng mga taong may kapansanan upang makapagtrabaho ng pantay-pantay na pagtingin.

Sa bisa ng batas,

**SEKSYON 1. - TITULO** - Ang Kautusang ito ay makikilala sa taguring Kautusang Panlungsod na nagmamandato sa mga pampubliko at pribadong establisyimento sa Lungsod ng Malolos sa pag-empleyo ng mga kwalipikadong manggagawa na may Kapansanan (Persons with Disability) at Katandaan (Senior Citizens).

**SEKSYON 2. - KAHULIGAN NG MGA SALITA:**

a) Persons with Disability (PWD) - sang-ayon sa depinisyon na itinatadhana ng Magna Carta for Disabled Persons.
b) Senior Citizens - sang-ayon sa depinisyon na itinatadhana ng Expanded Senior Citizens Act of 2010
c) Establisyimento - lehitimong entidad kasama ang pampubliko at pribadong institusyon sa Lungsod ng Malolos na nangangalakal.

**SEKSYON 3.** - Inaatasan ang mga establisyimento sa Lungsod ng Malolos na magkaroon ng mga kawani o empleyo ng hindi bababa sa limang porsyento (5%) o isang kawani, kung alin man ang mas mataas, ng mga kwalipikadong manggagawa na may kapansanan at/o senior citizens sang-ayon sa kanilang kakayahan.

**SEKSYON 4.** - Inaatasan ang Panlungsod na Tanggapan ng Malolos Training and Employment Cooperative (MTEC) na manguna sa pagsasagawa ng pag-i-imbentaryo sa estado ng mga establisyimento hinggil sa mga kawani nito at magpatupad sa itinatadhana ng Kautusang ito.

**SEKSYON 5.** - Ang Kautusang ito ay mahigpit na iiral sa teritoryong hurisdiksyunal ng Lungsod ng Malolos.

**SEKSYON 6. - KAPARUSAHAN** - Ang sinumang lumabag sa nasabing Kautusan ay papatawan ng kaparusahan sang-ayon sa mga sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| Unang Paglabag | - | Isang Libong Piso (P1,000.00) |
| Ikalawang Paglabag | - | Tatlong Libong Piso (P3,000.00) |
| Ikatlong Paglabag | - | Limang Libong Piso (P5,000.00) at pagsuspinde ng lisensya ng kanilang negosyo. |

**SEKSYON 7. - PAGHIHIWALAY NA SUGNAY** - Ang anumang probisyon o parte ng Kautusang ito na labag sa Saligang Batas ay ganap na pinawawalang-bisa at ang ibang parte nito ay mananatili sa pag-iral.

**SEKSYON 8. - PAGPAPAWALANG BISA** - Ang anumang umiiral na kautusan, alituntunin o patakaran na hindi sumasang-ayon sa mga probisyon ng Kautusang ito ay idinideklarang wala ng bisa o' ganap na pinapawalang bisa o' saysay ng Kautusang ito.

**SEKSYON 9. - PAG-IRAL O PAGKABISA** - Ang Kautusang ito ay magkakabisa sa sandaling ito ay pagtibayin at mailathala sang-ayon sa itinatadhana ng batas.

**PINAGTIBAY.**

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI
KGG. JOHN VINCENT [illegible], KASANGGUNI
KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI
KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI

KGG. PATRICK E. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KASANGGUNI
KGG. TERESE C[illegible] B. O[illegible], KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI

| | |
|---|---|
| **KGG. FRANCISCO J. CASTRO**<br>KASANGGUNI | **KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**<br>KASANGGUNI | **KGG. MICHAEL M. AQUINO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**<br>KASANGGUNI | **KGG. EDGARDO F. DOMINGO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**<br>KASANGGUNI | **KGG. VICTORINO M. ALDABA III**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. EMMANUEL R. SACAY**<br>KASANGGUNI | **KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. DIONISIO C. MENDOZA**<br>KASANGGUNI - ABC President | **KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**<br>KASANGGUNI - SK President |

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kautusang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo ng Hapag

**PINAGTITIBAY/DI-PINAGTITIBAY:**
APR 13 2023
**Petsa ng Pagtitibay:**

**ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD**
Punong Lungsod

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*04042023